

The Holy Mass Introductory Rites

Entrance antiphon

Sign of the cross

Priest ✠ *In the name of the Father, and of the Son, and of the Holy Spirit.*

All Amen.

Greeting

P. *The grace of our Lord Jesus Christ, and the love of God and the fellowship of the Holy Spirit be with you all.*

A. And also with you.

Penitential Rite

P. *My brothers and sisters, to prepare ourselves to celebrate the sacred mysteries, let us call to mind our sins.*

A. I confess to almighty God, and to you, my brothers and sisters, that I have sinned through my own fault in my thoughts and in my words, in what I have done, and in what I have failed to do.

And I ask blessed Mary, ever virgin, all the angels and saints, and you, my brothers and sisters, to pray for me to the Lord our God.

P. *May almighty God have mercy on us, forgive us our sins, and bring us to everlasting life.*

A. Amen.

P. *Lord have mercy.*

A. Lord have mercy.

P. *Christ have mercy.*

A. Christ have mercy.

P. *Lord have mercy.*

A. Lord have mercy.

Gloria

A. Glory to God in the highest, and peace to his people on earth.

Lord God, heavenly King, almighty God and Father, we worship you, we give you thanks, we praise you for your glory.

Lord Jesus Christ, only Son of the Father, Lord God, Lamb of God, you take away the sin of the world, have mercy on us;

Santa Misa Pambungad na awit

Sacerdos ✠ *Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.*

Populus Amén.

S. *Ang biyayà ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyós at ang liwanag ng Espiritu Santo ay sumainyóng lahát.*

P. At sumaiyó rin.

S. *Mga kapatid, pagsisihan ang ating mga kasalánan upang maging marapat tayo sa pagdiriwang ng mga banál na misteryo.*

P. Akó'y nagkukumpisál sa Diyós na makapángyarihan at sa inyo, mga kapatid, sapagká't lubhâ akóng nagkasalà sa ísip, sa wikà at sa gawâ, at sa aking pagkukúlang: dahil sa aking salà, sa aking salà, sa aking pinakamalaking salà.

Kayá isinasamo ko kay Santa Mariang laging Birhen, sa lahát ng mgá anghel at mgá santo, at sa inyó mgá kapatid, na akó'y ipanalangin sa ating Panginoóng Diyós.

S. *Kaawaan tayo ng makapángyarihang Diyós, patawarin ang ating mgá kasalánan at patnubáyan tayo sa búhay na waláng hanggán.*

P. Amén.

S. *Panginoón, maawa ka.*

P. Panginoón, maawa ka.

S. *Kristo, maawa ka.*

P. Kristo, maawa ka.

S. *Panginoón, maawa ka.*

P. Panginoón, maawa ka.

Gloria

P. Luwalhati sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mgá taong may mabuting kaloóban. Pinupuri ka namin. Dinárangál ka namin. Sinásambá ka namin. Nilúluwalháti ka namin. Pinasásalamátan ka namin dahil sa dakila mong kaluwálhatian. Panginoóng Diyós, hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahát.

Panginoóng Hesukristo, Bugtong na Anák.

Panginoóng Diyós, Kordéro ng Diyós, Anák ng Amá. Ikaw na nag-aalis ng mgá kasalanan ng sánlibután,

42 you are seated at the right hand of the Father: receive our prayer.
For you alone are the Holy One, you alone are the Lord, you alone are the Most High, Jesus Christ, with the Holy Spirit, in the glory of God the Father.

47 Amen.

Opening Prayer

P. *Let us pray.*

A. Amen.

Liturgy of the Word

2 **First Reading**

Lector This is the word of the Lord.

A. Thanks be to God.

Responsorial Psalm

Second Reading

7 **L.** This is the word of the Lord.

A. Thanks be to God.

Gospel Acclamation

A. Alleluia!

P. *The Lord be with you.*

12 **A.** And also with you.

P. *A reading from the holy gospel according to . . .*

A. ✠ Glory to you, Lord.

P. *This is the gospel of the Lord.*

A. Praise to you, Lord Jesus Christ.

17 **Homily**

Profession of Faith

We believe in one God, the Father, the Almighty, maker of heaven and earth, of all that is, seen and unseen.

22 We believe in one Lord, Jesus Christ, the only Son of God, eternally begotten of the Father,

God from God, Light from Light, true God from true God, begotten, not made, one in Being with the Father.

27 Through him all things were made.

For us men and our salvation, he came down from heaven:

✠ by the power of the Holy Spirit, he was born of the Virgin Mary, and became man.

32 For our sake he was crucified under Pontius Pilate, he

maawa ka sa amin.

Ikaw na nag-aalis ng mgá kasalanan ng sánlibután, tanggapín mo ang aming kahilingan.

Ikaw na naluluklok sa kanan ng Amá, maawa ka sa amin.

Sapagká't ikaw lamang ang banál. Ikaw lamang ang Panginoón. Ikaw lamang, o Hesukristo, ang kataástaásan, kasama ng Espiritu Santo sa kalúwalhatian ng Diyós Amá.

Amén.

Pambungad na panalangin

S. . . .

P. Amén.

Liturhiya ng salita ng Diyos

Unang Basahin

Lector . . .

P. . . .

Salmo Responsoriyo

Ikalawang Basahin

L. . . .

P. . . .

Ebangheliyo

P. Aleluya.

S. *Sumainyó ang Panginoón.*

P. At sumaiyó rin.

S. *Pabasa sa Banál na Ebanghélyo ayon Kay . . .*

P. ✠ Luwalhati sa iyó, Panginoón.

S. *Itó ang mgá salitâ ng Diyós.*

P. Purihin ka, O Kristo.

Homiliya

Pananampalataya

Sumasampalataya ako sa iisang Diyos, Amang makapangyayari sa lahat, na may gawa ng langit at lupa, ng lahat ng nakikita at di nakikita.

At sa iisang Panginoong Hesukristo Bugtong na Anak ng Diyos. Nagmumula sa Ama bago pa nagsimula ang panahon.

Diyos buhat sa Diyos, liwanag buhat sa liwanag, Diyos na totoo buhat sa Diyos na totoo. Inianak,

hindi nilikha, kaisa sa pagka-Diyos ng Ama:

na sa pamamagitan niya ay nilikha ang lahat.

Na dahil sa ating mga tao at sa ating kaligtasan ay nanaog buhat sa langit.

✠ Nagkatawang-tao Siya lalang ng Espiritu Santo kay Mariang Birhen at naging tao.

Ipinako sa krus dahil sa atin, nagpakasakit sa ilalim

suffered, died and was buried.

On the third day he rose again in fulfillment of the Scriptures; he ascended into heaven and is seated at the right hand of the Father.

37 He will come again in glory to judge the living and the dead, and his kingdom will have no end.

We believe in the Holy Spirit, the Lord, the giver of life, who proceeds from the Father and the Son.

42 With the Father and the Son he is worshipped and glorified. He has spoken through the Prophets.

We believe in one holy catholic and apostolic Church.

We acknowledge one baptism for the forgiveness of sins.

We look for the resurrection of the dead, and the life of the world to come.

47 Amen.

General Intercessions (Prayer of the Faithful)

P. *Let us pray to the Lord.*

A. Lord, hear our prayer.

52 **A.** Amen.

Liturgy of the Eucharist

Preparation of the Altar and the Gifts

P. *Blessed are you, Lord, God of all creation. Through your goodness we have this bread to offer, which earth has given and human hands have made. It will become for us the bread of life.*

7 **A.** Blessed be God forever.

P. (...)

P. *Blessed are you, Lord, God of all creation. Through your goodness we have this wine to offer, fruit of the vine and work of human hands. It will become our spiritual drink.*

12 **A.** Blessed be God forever.

P. (...)

P. *Pray, brethren, that our sacrifice may be acceptable to God, the almighty Father.*

17 **A.** May the Lord accept the sacrifice at your hands for the praise and glory of his name, for our good, and

ng kapangyarihan ni Poncio Pilato, namatay at inilibing.

At muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon sa Kasulatan. Umakyat sa langit: naluluklok sa kanan ng Ama. 37

At pariritong muli puspos ng kaluwalhatian upang hukuman ang mga buhay at mga patay: na ang kaharian niya'y walang hanggan.

Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo, Panginoon at nagbibigay buhay: na nanggagaling sa Ama at sa Anak: 42

na sinasamba at niluluwalhating kasama ng Ama at ng Anak: na nagsalita sa pamamagitan ng mga Propeta. 47

Sumasampalataya ako sa iisang Iglesyang banal, katolika at apostolika.

At sa iisang binyag sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.

At hinihintay ko ang muling pagkabuhay ng nangamatay at ang buhay na walang hanggan. 52

Amén.

Panalangin ng Bayan

S. ...

P. ... 57

P. Amen.

Liturhiya ng Eukaristiya

... 2

S. *Purihin ka, O Panginoóng Diyós ng lahat ng kinapál, sapagká't sa iyóng kabutíhan ay tinanggáp namin ang tinápay na iniaálay sa iyó, na galing sa lupà at pinágpagúran ng táo, upang maging tinápay na magdudulot sa amin ng búhay na waláng hanggán.* 7

P. Purihin at ipagdangál ang Diyós magpakailan man.

S. (...)

S. *Purihin ka, O Panginoóng Diyós ng lahat ng kinapál, sapagká't sa iyóng kabutíhan ay tinanggáp namin ang alak na iniaalay sa iyó, na galing sa punong-ubas at pinágpagúran ng tao, upang maging inumin ng aming kaluluwa.* 12

P. Purihin at ipagdangál ang Diyós magpakailan man.

S. (...)

S. *Manalángin kayó, mgá kapatíd, upang itóng ating sakripisiyo ay maging kalugúd-lugód sa Diyós Amáng makapángyarihan.* 17

P. Tánggapín nawà ng Panginoón itóng sakripisiyo sa iyóng mga kamáy sa kapurihán niya at karangálan, sa

the good of all his Church.

Prayer over the Gifts

A. Amen.

Eucharistic Prayer II

22 P. *The Lord be with you.*
 A. And also with you.
 P. *Lift up your hearts.*
 A. We lift them up to the Lord.

27 P. *Let us give thanks to the Lord our God.*
 A. It is right to give him thanks and praise.

Preface

P. *Father, it is our duty and our salvation, always and everywhere to give you thanks through your*
 32 *beloved Son, Jesus Christ. He is the Word through whom you made the universe, the Savior you sent to redeem us. By the power of the Holy Spirit, he took flesh and was born of the Virgin Mary. For our sake*
 37 *he opened up his arms on the cross; he put an end to death and revealed the resurrection. In this he fulfilled your will and won for you a holy people. And so we join the angels and the saints in proclaiming your glory as we sing (say):*

Acclamation

42 A. Holy, holy, holy Lord. God of power and might.

Heaven and earth are full of your glory.
 Hosanna in the highest.
 Blessed is he who comes in the name of the Lord.
 Hosanna in the highest.

47 P. *Lord, you are holy indeed, the fountain of all holiness. Let your Spirit come upon these gifts to make them holy, so that they may become for us, the body and blood of our Lord, Jesus Christ.*
Before he was given up to death, a death he freely
 52 *accepted, he took bread, gave you thanks. He broke the bread, gave it to his disciples and said:*
 ☩ TAKE THIS, ALL OF YOU, AND EAT IT: THIS IS MY BODY WHICH WILL BE GIVEN UP FOR YOU.
When supper was ended, he took the cup. Again he
 57 *gave you thanks and praise, gave the cup to his disciples, and said:*
 ☩ TAKE THIS, ALL OF YOU, AND DRINK FROM IT:
 THIS IS THE CUP OF MY BLOOD, THE BLOOD OF THE
 62 NEW AND EVERLASTING COVENANT. IT WILL BE SHED FOR YOU AND FOR ALL MEN SO THAT SINS ARE FORGIVEN. DO THIS IN MEMORY OF ME.

ating ikagágaling at ng buó niyang Iglésyang banál. 22

Panalangin sa mga Handog

P. Amen.

Panalangin Eukaristiko

S. *Sumainyo ang Panginoon.*
 P. At sumaiyo rin. 27
 S. *Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.*
 P. Itinaas na namin sa Panginoon.
 S. *Pasalamat natin ang Panginoon nating Diyos.*
 P. Marapat at matuwid.

Prefazio 32

S. . . .

Santo

P. Santo, Santo, Santong Panginoong Diyos na makapangyarihan.
 Napupuno ang langit at lupà ng kaluwalhatian mo. 37
 Osána sa kaitaasan.
 Pinagpalà ang napariríto sa ngalan ng Panginoon.
 Osána sa kaitaasan.
 S. . . .

. . . 42

☩ . . .

. . .

☩ . . .

Let us proclaim the mystery of faith:
 A. Christ has died, Christ is risen, Christ will come again.
 67 P. In memory of his death and resurrection, we offer you, Father, this life-giving bread, this saving cup. We thank you for counting us worthy to stand in your presence and serve you.
 May all of us who share in the body and blood of
 72 Christ be brought together in the unity by the Holy Spirit.
 Lord, remember your Church throughout the world; make us grow in love, together with our Pope N., our bishop N., and all the clergy.
 77 Remember our brothers and sisters who have gone to their rest in the hope of rising again; bring them and all the departed into the light of your presence.
 Have mercy on us all; make us worthy to share eternal life, with Mary, the virgin mother of God,
 82 with the apostles, and with all the saints who have done your will throughout the ages. May we praise you in union with them, and give you glory through your Son, Jesus Christ.
 Through him, with him, and in him, in the unity of
 87 the Holy Spirit, all glory and honor is yours, almighty Father, for ever and ever.
 A. Amen.

Communion Rite

2 Lord's Prayer
 P. Let us pray with confidence to the Father in the words our Saviour gave us:
 A. Our Father, who art in heaven,
 hallowed be thy name;
 7 thy kingdom come;
 thy will be done
 on earth as it is in heaven.
 Give us this day our daily bread;
 and forgive us our trespasses
 12 as we forgive those who trespass against us;
 and lead us not into temptation,
 but deliver us from evil.
 P. Deliver us, Lord, from every evil, and grant us peace in our day. In your mercy keep us free from sin and protect us from all anxiety as we wait in joyful hope for the coming of our Savior, Jesus Christ.

...
 P. ... 47
 S. ...
 ...
 ...
 ...
 ...
 ... 52
 ...

Si Kristo'y namatay, si Kristo'y nabuhay si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon.

P. Amén.

Ang pagbibigay ng Komunyon

Pater noster 2
 S. Sa tagubilin ng mgá nakagagalíng na utos at turò ng mabathálang aral, buong pag-ibig nating dasalín:
 P. Amá namin, sumásalangit ka,
 sambahin ang ngalan mo,
 mápasá amin ang kaharian mo. 7
 Sundín ang loob mo dito sa lupà
 para nang sa langit.
 Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw.
 At patawarin mo kami sa aming mga sala. 12
 Para nang pagpapatáwad namin sa nagkakasala sa amin.
 At huwag mo kamíng ipahintúlot sa tuksó.
 At iadyà mo kami sa lahat ng masamá.
 S. Hinihilíng namin, O Panginoón, na ilitás mo kamí 17
 sa lahát ng masamá, pagkaloóban kamí ng kapayapaán sa aming kapanahúnan, upang sa tulong ng iyóng awà ay lagi kamíng maligtas sa kasalánan at

A. For the kingdom, the power, and the glory are yours, now and forever.

Sign of peace

22 **P.** *Lord Jesus Christ, you said to your apostles: "I leave you peace, my peace I give you". Look not on our sins, but on the faith of your Church, and grant us the peace and unity of your kingdom where you live for ever and ever.*

27 **A.** Amen.

P. *The peace of the Lord be with you always.*

A. And also with you.

P. *Let us offer each other the sign of peace.*

Breaking of the Bread

32 **P.** (...)

A. Lamb of God, you take away the sins of the world, have mercy on us.

Lamb of God, you take away the sins of the world, have mercy on us.

37 Lamb of God, you take away the sins of the world, grant us peace.

P. (...)

P. *This is the Lamb of God who takes away the sins of the world. Happy are those who are called to his supper.*

42 **A.** Lord, I am not worthy to receive you, but only say the word, and I shall be healed.

P. (...)

Communion

47 **P.** *The body of Christ.*

A. Amen.

P. (...)

Thanksgiving

Prayer After Communion

52 **P.** *Let us pray.*

A. Amen.

Concluding Rite

2

Blessing

P. *The Lord be with you.*

malayó sa lahat ng ligalig, samantalang hinihintáy namin ang masayang pagbabalik ni Hesukristong aming Manunubos. 22

P. Sapagkat sa iyó'y nagmumulâ ang kaharián, ang kapangyarihan at kaluwalhatian mágpasawaláng hanggán.

... 27

S. *O Panginoón Hesukristo, sinábi mo sa iyóng mgá apostól: "Kapayapaán ang iniíwan ko sa inyo, ipinagkaloób ko sa inyo ang aking kapayapaán". Huwag mo sanang isaalang-álang ang aming mgá pagkakasála, kundí ang pananámpalataya ng iyóng Iglesya. Pagkaloóban mo siya ng kapayapaán at pagkakáisa ayon sa ikasisiyá ng iyong kaloóban. Nabubúhay ka't naghahari magpasawaláng hanggán.* 32

P. Amén.

S. *Ang kapayapaán ng Panginoón ay laging sumainyó.* 37

P. At sumaiyó rin.

S. ...

...

S. (...)

P. Kordéro ng Diyos, na nag-áalis ng mga kasalánan ng sánlibután: maáwa ka sa amin. 42

Kordéro ng Diyos, na nag-áalis ng mga kasalánan ng sánlibután: maáwa ka sa amin.

Kordéro ng Diyos, na nag-áalis ng mga kasalánan ng sánlibután: ipágkaloób mo sa amin ang kapayapaán. 47

S. (...)

S. *Naritó ang Kordéro ng Diyos, naritó siyang nag-áalis ng mga kasalánan ng sánlibután: Mapapálad ang mgá tinatáwag sa pigíng ng Kordéro.*

P. Panginoón, hindi akó karapát-dapat na mágpatulóy sa iyó, nguni't sa isáng salitâ mo lamang ay gágalíng na akó. 52

S. (...)

...

S. *Katawán ni Kristo.*

P. Amén.

S. (...)

...

Panalangin pagkatapos ng Komunyon

S. ... 62

P. Amén.

Katapusang pagbati

... 2

S. *Sumainyó ang Panginoón.*

A. And also with you.

P. *May almighty God bless you, ✠ the Father, and the Son, and the Holy Spirit.*

7 A. Amen.

Dismissal

P. *The Mass is ended, go in peace.*

A. Thanks be to God.

Hail Holy Queen

2 Hail, Holy Queen, Mother of Mercy,
our life, our sweetness, and our hope.
To thee do we cry, poor banished children of Eve;
to thee do we send up our sighs, mourning and
weeping in this valley of tears.
7 Turn then, most gracious advocate, thine eyes of
mercy toward us,
and after this our exile, show unto us the blessed fruit
of thy womb, Jesus.
O clement, O loving, O sweet Virgin Mary.

P. At sumaiyó rin.

S. *Pagpaláin kayó ng makapángyarihan Diyos,
✠ Amá, Anák at Espíritu Santo.*

P. Amén.

7

S. *Tapós na ang Misa, humáyo kayóng mapayápà.*

P. Salámat sa Diyos.

...

Salve Regina

Salve Regina, mater misericordiæ;
vita, dulcedo et spes nostra, salve.
Ad te clamamus, exsules filii Evæ;
ad te suspiramus, gementes et flentes in hac
lacrimarum valle.
Eia ergo, advocata nostra, illos tuos misericordes
oculos ad nos converte.
Et Iesum, benedictum fructum ventris tui, nobis post
hoc exsilium ostende.
O clemens, o pia, o dulcis Virgo Maria.

2

7